

ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA **AI**

PARA SA MGA MALALAKING BATA

MANATILING LIGTAS

Mag-ingat sa impormasyong ibinabahagi mo sa AI. Palaging panatilihin ang pribado ang iyong personal na impormasyon at ang impormasyon ng iba. Kung napansin mong ginagamit ang AI para sa mga mapaminsalang layunin o maling impormasyon, sabihin sa iyong guro o isang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang.

MAGING KRITIKAL AT MALIKHAIN SA PAG-IISIP

Gamitin ang nilalamang binuo ng AI bilang panimulang punto upang mapukaw ang iyong mga ideya. Magtanong ng “paano” at “bakit” para mapalalim ang iyong pang-unawa. Pagsamahin ang iyong pagkamalikhain at kritikal na pag-iisip sa mga kakayahan ng AI kung nilulutas mo ang isang problema, gumagawa ng bago, o natututo ng bagong konsepto.

GAMITIN ANG AI SA ETIKAL NA PARAAN

Kumpletuhin ang iyong sariling gawain at kumunsulta sa iyong mga guro tungkol sa paggamit ng mga kasangkapan sa AI. Gumamit ng AI para pagandahin ang iyong trabaho, hindi para kumopya o bumuo ng nilalaman na ipapakita mo bilang iyong sarili.

MAGING TRANSPARENT

Panatilihin ang akademikong katapatan. I-credit at banggitin ang mga kasangkapan ng AI nang wasto upang matulungan ang iba na maunawaan ang papel na ginampanan ng AI sa iyong trabaho.

SURIIN ANG PAGKILING AT PAGIGING TUMPAK/TAMA

Gumamit ng kritikal na pag-iisip para beripikahin ang nilalaman na binuo ng AI at i-cross-reference sa mga mapagkakatiwalaang pinagkunan. Beripikahin ang mga katotohanan, maghanap ng ebidensya, suriin ang mga petsa, isaalang-alang ang pinagmulan, at maghanap ng maraming pananaw para sa isang balanseng pananaw.

ALAMIN ANG MGA LIMITASYON NG AI

Maging maingat sa generative AI, lalo na sa kasalukuyan o kamakailang mga paksa dahil maaaring hindi ibigay ng AI ang pinakabagong impormasyon. Ang pananatiling kritikal at may kaalaman ay makakatulong sa iyo na mag-navigate sa mga isyu nang may pananagutan at gumawa ng mahusay na mga desisyon.